# BPI-LBNCRDPSC

## VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

## MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

## CORE VALUES

**SPICE IT!**

**S**ervice Orientation. We are proactive and we value our clients.

**P**rofessionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

**I**ntegrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

**C**ommitment. We work with passion and dedication.

**E**xcellence. We produce the best results.

**I**nnovative. We find new solutions.

**T**eamwork. We exercise partnership and camaraderie.


*Inihanda nina:*

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Meanne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II



Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-based Home and Community Gardening


Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat sa:


**THE CENTER CHIEF**
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños,Laguna

(049) 536-0285
(049) 536-7931; 536-0285, 536-6462
bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph
Bureau of Plant Industry – Los Baños Center


**Department of Agriculture**
**Bureau of Plant Industry**
**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**

# GABAY SA PAGTATANIM NG OKRA



# PAGTATANIM NG OKRA

## OKRA

Ang okra (*Abelmoschus esculentus* L.) ay kilala din sa tawag na "ladies' fingers" sa ingles. Ang bunga nito ay maaaring kainin ng hilaw, pinakuluan o pinirito. Ito ay isa din sa mga sangkap ng "pinakbet". Ang buto nito na nagtataglay ng protina at langis ay maaaring gawing kape.

Maraming benepisyo sa kalusugan ang makukuha sa pagkain ng okra. Ilan sa mga ito ang mga sumusunod (Philippine Medicinal Plants 2012);

- Ang pinakuluang bunga nito ay nakatutulong sa mga problema sa bato (kidneys) at diarrhea.
- Nakatutulong itong magpababa ng blood sugar kaya mabuti ito sa mga may diabetes
- Ang ugat at dahon nito ay mabisa sa pagpapagaling ng sugat
- Ang pinakuluang ugat nito ay nakatutulong sa sakit ng ulo, varicose veins, arthritis at lagnat

## Mga Dapat Tandaan sa Pagtatanim

### Klima at Lupa

Ang okra ay maaaring itanim sa buong taon sa lugar na may sapat na tubig. Ito ay matibay sa init at tagtuyot bagamat kinakailangan ang sapat na tubig kapag bagong tanim, Nabubuhay din ito kahit sa payak o di katabaang lupa. Angkop sa okra ang lupang sandy loam na may pH na 5.5-7.0.

### Paghahanda ng Lupang Taniman at Pagtatanim

Linisin at duruging mabuti ang lupang pagtataniman para makatulong sa maayos na pag-usbong ng buto. Maaring gumawa ng tudling na may lapad na 0.60-0.75m at may agwat na 0.75m bawat hilera (row).

Maaari ding magtanim sa mga basyo, plastic, paso o sako kung walang bakanteng lugar na maaaring pagtaniman

Ihalo sa lupang pagtataniman ang kompos sa daming 0.5-1kg/$m^2$. Haluin at patagin ang lupa saka ihulog ang 2-3 buto sa mga butas (2-3cm lalim) at may agwat na 0.60m sa isa't isa.

Upang mabilis na tumubo ang buto ay makabubuti na ibabad ito sa maligamgam na tubig magdamag. Kapag umusbong na, ay magbawas ng puno hanggang dalawang puno na lamang ang matira sa bawat butas. Ilipat ang ibang usbong ng okra sa mga bakanteng butas.

### Pangangalaga sa Nutrisyon ng Okra

Maglagay uli ng kompos (sidedress) bago mamulaklak sa daming 0.5kg/$m^2$. Diligan din ng natural concoction gaya ng Fermented Plant Juice (FPJ) dalawang beses sa isang linggo hanggang mamulaklak.

### Pagkontrol sa Mapanirang Insekto at Peste

Ang okra ay may kakayahang labanan ang ilang pananirang mga insekto dahil sa mabilis na pag-usbong ng dahon nito. Gayunpaman, hindi ito ligtas sa sakit lalo na kapag ang paligid ay mataas ang halumigmig at mainit. Tuwing tag-init, ang leafhopper ang pinakapopular na insekto na sumasalanta sa okra kasama ang ilang mga sakit.

Ang mga sumusunod ang ilan sa mga insekto at peste na umaatake sa okra;

| INSEKTO/ PESTE | PARAAN NG PAGKONTROL |
|---|---|
| Leafhopper  Photo Source: Plant Protection Quarantine and Storage. http://ppqs.gov.in/ | Dlligan ang okra 2 beses sa isang lingo upang mabawasan ang pagkatuyo ng dahon na sanhi ng pag-atake ng leafhopper. Ang pagsasagawa ng organic farming ay makatutulong upang palakasin ang resistensya ng halaman laban sa peste. Maari ring gumamit ng yellow sticky trap at magsabog ng curry powder. |
| Cotton stainer  Photo Source: Infonet biovision. https://infonet-biovision.org/ | Kolektahin ang mga makikitang insekto at ang mga itlog nitoa sunugin o ibaon sa lupa. Ang pagdidilig mula sa itaas ng halaman ay makatutulong din upang mabawasan ang populasyon nito |
| Leaffolder  Photo Source: http://eagri.org/ | Manwal na tirisin ang mga nakatuping dahon upang patayin ang larva sa loob nito. Kolektahin ang mga nakatuping dahon, ilagay sa plastic at ibilad sa ilalim ng araw upang mamatay ang insekto. Magtanim ng repellent crop gaya ng fish mint. |
| Cercospora leaf spot  Photo Source: Plantix. https://plantix.net/ | Tanggaling ang apektadong dahon at sunugin o itapon malayo sa taniman, Magbawas ng dahon upang maarawan ang mga natatagong dahon Dlligan ng tropical herbal nutrient (THN) o pinakuluan dahon ng bayabas, abokado at akapulko (1kg dahon sa 3 galon ng tubig) |

### Pag-aani

Ang bunga ng okra ay maaari nang anihin 5-10 pagkalabas ng bulaklak at kung ang bunga ay sinlaki na ng hintuturo (hindi pa magulang ang buto). Ang pag-aani ay gawin araw araw. Upang mapabilis ang pag-aani at maiwasan ang mga sakit, alisin ang dahon mula sa mga ibabang bahagi ng puno na may bunga. Maaaring maka-ani ng 40-45 beses sa isang *cropping season*.

***Reference:***


Bureau of Plant Industry. January 2013. Okra Production Guide.


2020